BAKUNA LABAN SA COVID-19

Ang Kailangan Niyong Malaman | Abril 2021

Ano ang nasa bakuna laban sa COVID-19?

May iba't ibang bakuna na pwedeng makuha. Lahat sila ay tinuturuan ang inyong katawan para protektahan ang sarili nito laban sa COVID-19. Ipinapakilala nito sa ligtas na pamamaraan ang mga parte ng coronavirus sa inyong katawan. Hindi namumukhaan ng ating katawan ang mga parteng ito kung kaya't naghahanda ito ng 'immune response' o resistensya laban sakanila. Natatandaan ng ating katawan immune response na ito kaya kung ma-expose tayo sa virus mismo, kaya natin itong mabilis na labanan. Hindi kayo pwedeng magka-COVID-19 mula sa bakuna.

Dapat ba kayong humingi ng payo mula sa inyong doktor?

Dapat kayong humingi ng payo mula sa inyong doktor kung kayo'y:

- May mga allergy
- May lagnat
- May problema sa dugo o pagdurugo, o kaya naman ay umiinom ng gamot pampalabnaw ng dugo
- Ay immunocompromised o may problema sa resistensya
- Buntis o nagaplaplanong mabuntis
- Nagpapasuso
- Nakatanggap na ng ibang bakuna laban sa COVID-19
- Nagkaroon ng malubhang reaksyon mula sa unang dose, maaring hindi rekomendado para sa inyo na magpabakuna ng pangalawang dose

Kung wala kayong doktor na pwede niyong hingan ng payo, bumisita sa bit.ly/3bX8Xqh para makahanap ng malapit na health center.

RUTGERS Institute for Health, Health Care Policy and Aging Research

Robert Wood Johnson University Hospital | RWJBarnabas HEALTH

PRAB

NEW BRUNSWICK AREA NAACP

NBT New Brunswick Tomorrow

Mayroon pang karagdagan ng tanong tungkol sa kung papaano gumagana ang mga bakuna laban sa COVD-19? Tumawag sa 848-932-5862 o mag-email sa community@ifh.rutgers.edu.